Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-57 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 39-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG DISKWENTO AT IBA PANG BENEPISYO SA MGA *SOLO PARENTS'* SA LAHAT NG MGA ESTABLISYIMENTO SA LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE**
**KAMAY-AKDA SINA: KGG. ABGDO. NIÑO CARLO C. BAUTISTA,**
**KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
**AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** kinikilala ang pamilya bilang pundasyon ng bansa at estado ay marapat palakasin ang pagkakaisa at masiglang isulong ang panlipunang pagpapaunlad nito, ayon sa Artikulo XV, Seksyon XII ng Saligang Batas ng 1987;

**SAPAGKAT,** ang Estado ay kinikilala ang natural at pangunahing karapatan ng magulang sa pagpapalaki ng mga anak para sa mabisang kakayahang pangsibiko at pagpapaunlad ng pag-uugali, alinsunod sa Artikulo II, Seksiyon XII ng Saligang Batas ng 1987;

**SAPAGKAT,** ayon sa Panlalawigang Kautusan Blg. 23-2016, itinatadhana ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ang pagbibigay diskwento at iba pang benepisyo sa mga solo parents, alinsunod din sa itinatadhana ng Batas Republika Blg. 8972;

**SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay kinikilala ang kalagayan ng mga *Solo Parents* sa paglalaan ng disenteng buhay para sa kanilang mga anak;

**SAPAGKAT,** ayon sa talaan ng *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)*, nasa 1,928 na ang bilang ng mga *solo parents* sa Lungsod ng Malolos noong 2023;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang pamahalaang lokal ay nagsasagawa ng mga pamamaraan upang masiguro na ang pangangailangan ng mga Solo Parents at kanilang mga anak ay madaling maabot alisunod sa Batas Republika Blg. 8972 o mas kilala sa taguring *"Solo Parents Welfare Act of 2014"*;

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1. – PAMAGAT -** Ang Kautusang ito ay makikilala sa taguring ***"SOLO PARENTS' WELFARE ORDINANCE IN THE CITY OF MALOLOS".***

**SEKSYON 2. - PAGPAPAHAYAG NG KARAPATAN -** Pangunahing layunin ng Pamahalaan na paglingkuran ang mamamayan nito. Isusulong nito ang mga pamilya bilang pundasyon ng bansa. Pagsisikapan na gamitin, matulungan at suportahan ang kabuuang pag-unlad ng mga *solo parents,* sa pamamagitanan ng mga polisiya at programa upang guminhawa ang pasanin ng mga walang kakayahang kasapi nito sa ating lipunan.

**SEKSYON 3. - SAKLAW, LAYUNIN AT AHENSIYANG MAGPAPATUPAD** – Alinsunod sa Batas Republika Blg. 8972 na inamyendahan bilang Batas Republika Blg. 11861 o mas kilala sa taguring *"Expanded Solo Parents Welfare Act"* at ng Panlalawigang Kautusan Blg. 23-2016*,* ang Kautusang ito ay naglalayon na magbigay ng mga benepisyo at pribilehiyo sa lahat ng *solo parents* at kanilang mga anak, at makapagbigay ng serbisyo para sa kapakanan ng mga *solo parents* at kanilang mga anak sa pagtataguyod ng *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)*.

Ang CSWDO ang siyang magpapatupad at magbibigay ng angkop na pagkakakilanlan (*identification cards*) sa lahat ng mga kwalipikadong solo parents na naninirahan sa Lungsod ng Malolos na maghahain ng kahilingan sa kanilang tanggapan.

**SEKSYON 4. - KAHULUGAN NG MGA TERMINO -** Alinsunod sa Batas Republika Blg. 8972 at sa *Implementing Rules and Regulations* nito at ng Panlalawigang Kautusang Blg. 23-2016, ang mga sumusunod na termino ay nangangahulugang:

a. **SOLO PARENT** – batay sa Batas Republika Blg. 8972, ang tinutukoy nito ay iyong mga tao na sumasailalim sa mga sumusunod na kategorya:

1. Isang babae na nagsilang bilang sanhi ng panggagahasa at iba pang krimen laban sa kapurihan kahit pa napatutunayan ng husgado ang may sala: Ngunit, ang ina ang siyang dapat nag-aaruga at nangangalaga ng bata;
2. Ang magulang ay iniwang nag-iisa at may responsibilidad bilang magulang sanhi ng pagkamatay ng asawa;
*1.* Ang magulang na iniwang nag-iisa at may responsibilidad bilang magulang habang ang asawa ay nakadetine o nakabilanggo sa kasong kriminal nang hindi mababa sa isang (1) taon;
*2.* Ang magulang na naiwang nag-iisa at may responsibilidad bilang magulang sanhi ng kawalang kakayahang pisikal o mental ng asawa na patutunayan ng isang pampublikong manggagamot;
*3.* Ang magulang na iniwang nag-iisa at may responsibilidad bilang magulang sanhi ng paghihiwalay na legal o paghihiwalay na *de facto* sa asawa na hindi mababa sa isang (1) taon, at nasa kanya ang pangangalaga ng mga anak;
*4.* Ang magulang na iniwang nag—iisa at may responsibilidad bilang magulang sanhi ng pagpapawalang bisa ng kanilang kasal na may pagpapasiya ng korte o ng simbahan at nasa kanya ang pangangalaga ng mga anak;

KGG. PATRICK [illegible] DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. [illegible] SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. [illegible] R. [illegible]ACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. TERESE C[illegible] B. O[illegible]
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. [illegible]NCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. [illegible]
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

5. Ang magulang na iniwang nag-iisa at may responsibilidad bilang magulang sanhi ng pag-iwan ng asawa nang hindi mababa sa isang (1) taon;
6. Hindi kasal na tatay o nanay na mas pinili na arugain at palakihin ang kanyang anak kesa magpa-alaga sa iba o ilagak ang mga anak sa institusyon o asilo;
7. Sinumang tao na nag-iisang nagbibigay ng pag-aaruga at pagpapalaki sa mga bata;
8. Sinumang kasapi ng pamilya na tumatayong ulo ng pamilya sanhi ng pagkamatay, pag-iwan o pagkawala ng magulang.

   Ang pagbabago ng katayuan o kalagayan ng magulang na benepisaryo ng Kautusang ito, sakali na siya ay hindi na nag-iisa sa responsibilidad bilang magulang ay hindi na karapat-dapat sa benepisyong ito.

b. **MGA ANAK** – ito ay tumutukoy sa mga namumuhay at umaasa sa solo parent ng suporta na hindi kasal, walang hanap-buhay at hindi lalagpas sa labin-walang (18) taong gulang o kahit lagpas ng labing-walong (18) taong gulang subalit walang kakayahan na suportahan ang sarili sanhi ng kapansanang mental o pisikal.
c. **KATUWANG NA ESTABLISIMIENTO** – ito ay tumutukoy sa mga negosyo na nagbibigay ng diskwento at eksempsiyon sa mga *Solo Parents* bilang pagtugon sa mga rekisitong nakapaloob sa kautusang ito.

**SEKSYON 5. – KATANGIAN, PAMAMARAAN AT INSENTIBO NG KATUWANG NA ESTABLISIMIENTO:**

1. Ang lahat ng establisimiento ay kinakailangang magpatala sa *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)* upang mapabilang sa talaan ng mga katuwang na establisimiento.
2. Ang katuwang na establisimiento ay maglalagay ng karatula na nakasaad na ito ay isang "*Solo Parent Partner Business Establishment*."
3. Ang katuwang na establisyimento ay dapat magbigay ng sampung (10) bahagdang diskwento (*10% discount*) at labin-dalawang bahagdang (12%) *VAT Exemption* sa mga biniling kalakal o serbisyo mula sa mga *solo parents* at kanilang mga anak matapos na ipakita ng mga ito ang kanilang mga pagkakakilanlan.
4. Ang katuwang na establisimiento na nagbigay ng diskwento na itinalaga ng Seksiyong ito ay maaaring makuha ang nasabing diskwento batay sa kanilang kabuuang kita o *gross income* sa taong ibinigay ang diskwento bilang bahagi ng kanilang gastos sa negosyo sa kondisyon na mapanatili nila ang detalyado at hiwalay na ang talaan ng nasabing mga pagbili. Bilang karagdagan, ang kabuuang halaga ng nakuhang *tax deduction net* ng *value-added tax* kung naaangkop ay dapat isama sa *gross sales receipts* para sa layunin ng pagbubuwis.
5. Ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay maaaring magbigay ng *tax incentive* sa establisimiento batay sa tasa ng kanilang Ingat-Yaman.
6. Ang katuwang na establisimiento ay nararapat na tumugon sa Seksiyong ito bilang rekisitos sa pagkuha ng *business permit* sa mga susunod na taon.

**SEKSYON 6. – DISKWENTO AT BENEPISYO NG SOLO PARENTS** – Ang mga establisimiento na nakapaloob sa hurisdiksyon ng Lungsod ng Malolos ay minamandatong magbigay ng sampung bahagdang diskwento *(10% discount)* at labin-dalawang bahagdang (12%) *VAT Exemption* sa mga Maloleñong *Solo Parents* at kanilang mga anak para sa mga sumusunod na biniling kalakal o serbisyo at nararapat na magpakita ng pagkakakilanlan o ID:

1. Mga damit.
2. Mga gatas ng bata na may edad na anim na taong gulang pababa, pagkain at *food supplements*.
3. Mga gamot, bakuna at iba pang *medical supplements/supplies*.
4. Mga *school supplies*.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMANUEL S. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

5. Matrikula sa mga pampubliko at pribadong paaralan.
6. *Hospital bill* ng *solo parent* o kanilang anak kung naipasok sa pribado man o pampublikong ospital para sa pangangailangang medikal.
7. Mga bayarin sa konsultasyon, *laboratory*, at mga gamot ng *solo parent* at kanilang mga anak.
8. Lahat ng pribado at pampublikong pasilidad na libangan katulad ng sinehan at *arcade spaces* sa kondisyon na ang diskwento ay maibibigay kapag magkasama lamang ang solo parent at kanyang mga anak.

**SEKSYON 7. - SCHOLARSHIP PRIORITIZATION** - Ang mga kwalipikadong anak ng *Solo Parent* na nag-aaral ay bibigyang prayoridad sa mga *Scholarship Programs* sa Pamahalaang Lungsod ng Malolos, alinsunod sa pamantayan o kwalipikasyon para rito.

**SEKSYON 8. - PAG-AALIS NG MGA PRIBILEHIYO NG ISANG *SOLO PARENT*** - Ang pagbabago ng katayuan o kalagayan ng magulang ng benepisaryo ng kautusang ito, tulad ng hindi na nag-iisa sa responsibilidad bilang magulang ay maaalis ang karapatan sa benepisyong ito tulad ng pagbabago sa kanyang katayuan sa kasal, na sakaling mapatunayan at sa tingin ng *CSWDO* ay angkop.

**SEKSYON 9. - KAPARUSAHAN SA PAGLABAG** - Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na kaparusahan:

*1.* Sinumang tao o kumpanya na lumabag sa probisyon ng kautusang ito sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng mga benepisyo para sa *solo parent* ay magbabayad ng multa na hindi bababa sa mga sumusunod :
   a. Unang Pagkakasala - Dalawang Libong Piso (₱2,000.00)
   b. Pangalawang Pagkakasala - Tatlong Libong Piso (₱3,000.00)
   c. Ikatlong Pagkakasala - pinakamalaking multa na nagkakahalaga ng Limang Libong Piso (₱5,000.00) o ang maaaring pagkakasara ng establisyimento ayon sa pagpapasiya ng hukuman.

*2.* Sinumang tao na nagsinungaling sa kaniyang katayuan o anumang dokumento para makuha ang mga benepisyo ng Kautusang ito o sinumang tao na umabuso sa mga pribilehiyong ipinagkaloob, o sinumang tao na nakipagsabwatan sa mga nabanggit na lumabag ay may sumusunod na kaparusahan:
   a. Magbabayad ng multa na hindi bababa sa Tatlong Libong Piso (₱ 3,000.00) ngunit hindi hihigit sa Limang Libong Piso (₱ 5,000.00).
   b. Pagkakakulong na hindi bababa sa anim (6) na buwan, ayon sa pagpapasiya ng hukuman.

*3.* Sinumang *City Social Welfare Development Officer* na maghahayag na tanggihan ang isang kwalipikadong solo parent na mabigyan at magkaroon ng pagkakakilanlan (*ID Card*), o sinumang *City Social Welfare Development Officer* na umaabuso sa kanilang kapangyarihan na magbigay ng pagkakakilanlan (*ID Card*) ay mananagot sa gobyerno alinsunod sa mga kaugnay na batas ng serbisyo sibil at mga alituntunin sa patakaran.

**SEKSYON 10. - MGA TUNTUNIN AT ALITUNTUNING TAGAPAGPATUPAD (*IMPLEMENTING RULES A ND REGULATIONS*)** - Ang *City Social Welfare and Development Office* at ang *City Legal Office* ang magbabalangkas ng mga tuntunin at alituntuning tagapagpatupad o '*Implementing Rules and Regulations*' sa loob ng animnapung araw (60 days) matapos mapagtibay ang Kautusang ito.

**SEKSYON 11. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Ang anumang Kautusang Panlungsod na umiiral at ipinatutupad na sumasalungat o di-sumasang-ayon sa Kautusang ito ay ganap na pinawawalang saysay.

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI | KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. TERESE CHEENAL B. OFIN, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SEKSYON 12. - TADHANAIN NG PAGHIHIWALAY** - Kung sa anumang kadahilanan, alinmang seksyon ng ordinansang ito na maidideklarang labag sa konstitusyon o di-wasto, ang bisa ng iba pang mga probisyon ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy na may ganap na bisa.

**SEKSYON 13. - KABISAAN** - Ang kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
Pang. Punong Lungsod - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
AUG 2 3 2023
**Petsa ng Pagtitibay**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08152023